# Ang Pagsasalin ni Joseph Smith

## Ipinanumbalik ng Panginoon ang mga karagdagang turo sa pamamagitan ng Pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia.

Mahahanap mo ba ang aklat ni Moises sa iyong mga banal na kasulatan? Ipinanumbalik ng Panginoon ang karagdagang kaalaman sa pamamagitan ng Pagsasalin ni Joseph Smith, kabilang ang mga pangitain at mga turo ni Moises at ng iba pa. Ang mga ito ay nakapaloob sa Aklat ni Moises sa Mahalagang Perlas.

Basahin ang Moises 1:3–4, 6, 8, 39. Alamin ang natutuhan ni Moises tungkol sa kanyang sarili at sa Panginoon sa kanyang mga pangitain. (Maaari ka ring maghanap ng mga paboritong talata sa Aklat ni Moises.)

- Paano makatutulong sa atin ang mga turo sa mga talatang ito habang nagsisikap tayong sundin ang Tagapagligtas?
- Bakit maaaring makadama ang isang tao ng pasasalamat para sa inihayag ng Panginoon sa mga talatang ito?

## Ipinanumbalik ng Panginoon ang "malilinaw at mahahalagang" katotohanan sa pamamagitan ng Pagsasalin ni Joseph Smith.

Narinig mo na ba na may ilang mahahalagang katotohanan na maaaring nawawala o hindi malinaw sa Biblia? Ang Biblia ay isang pinagkakatiwalaan at inspiradong aklat. Gayunman, itinuro ni Nephi na ang ilang "malilinaw at mahahalagang bagay" ay nawawala o hindi malinaw (1 Nephi 13:28–29). Halimbawa, ang binyag ay hindi direktang binanggit sa Biblia hanggang sa Bagong Tipan, at ang salaysay sa Biblia tungkol kay Noe ay hindi nagpapaliwanag na binalaan ng Panginoon ang mga tao at binigyan Niya sila ng pagkakataong magsisi bago ipadala ang baha.

Basahin ang Moises 6:64–66; 8:16–17, 20 para malaman kung paano ipinanumbalik ng Panginoon ang mahahalagang katotohanan sa Pagsasalin ni Joseph Smith.

- Paano makatutulong sa atin ngayon na malaman na ang binyag ay isang kautusan mula pa noong panahon ni Adan?
- Paano makatutulong sa atin na malaman na lagi tayong inaanyayahan ng Panginoon na magsisi at handa Siyang patawarin tayo?
- Paano tayo natutulungan ng mga katotohanang ito na maligtas sa pamamagitan ni Jesucristo?

## Ang mga paghahayag ng Panginoon sa Pagsasalin ni Joseph Smith ay humantong sa karagdagang mga paghahayag sa Doktrina at mga Tipan.

Nakatulong na ba sa iyo ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan para makatanggap ng karagdagang paghahayag? Nakatulong ito para kay Joseph. Hindi nagtagal matapos niyang malaman sa inspiradong pagsasalin ang tungkol kay Enoc at sa kanyang mga tao na nagtatag ng Sion (tingnan sa Moises 7:18–21), ang Panginoon ay naghayag ng mga tagubilin kay Joseph na tulungan ang mga Banal na maging mga tao ng Sion (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 38, 42, 45).

Nangyari ang isa pang halimbawa nito nang isalin nina Joseph Smith at Sidney Rigdon ang Juan 5:29. May mga tanong sila tungkol sa langit at impiyerno na humantong sa isang kamangha-manghang pangitain na nakatala ngayon sa Doktrina at mga Tipan 76. Kabilang sa pangitaing ito ang mga katotohanan tungkol sa tatlong antas ng kaluwalhatian na maaaring mamana ng mga tao pagkatapos ng buhay na ito.

Basahin ang Doktrina at mga Tipan 76:22–24, 50–53, at 58–62, at markahan ang natutuhan mo tungkol kay Jesucristo at kung paano tayo makababalik sa piling Niya at ng Ama sa Langit.

- Anong mga salita o parirala ang minarkahan mo? Bakit?
- Bakit maaaring magpasalamat ang isang tao kapag nalaman niya ang mga katotohanang ito?

## Nilinaw ng Panginoon ang doktrina at nagbigay Siya ng mga karagdagang kaalaman tungkol sa mga talata ng Biblia sa pamamagitan ng Pagsasalin ni Joseph Smith.

Bukod sa Mahalagang Perlas, alam mo ba kung saan matatagpuan ang mga Pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia? Marami ang matatagpuan sa Mga Pinili mula sa Pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia sa likod ng mga banal na kasulatan o sa Appendix ng Pagsasalin ni Joseph Smith na matatagpuan sa bahaging Mga Tulong sa Pag-aaral sa Gospel Library app. Alamin kung paano gamitin ang resources na ito sa pamamagitan ng pagtingin sa halimbawa at paliwanag sa ibaba.

### MGA PINILI MULA SA PAGSASALIN NI JOSEPH SMITH NG BIBLIA

Ang mga sumusunod ay mga piniling bahagi ng mga Pagsasalin ni Joseph Smith sa Salin ni Haring James ng Biblia (PJS). Binigyang-inspirasyon ng Panginoon ang Propetang si Joseph Smith upang ibalik sa teksto ng Biblia ang katotohanan na nawala o nabago magmula noong isulat ang mga orihinal na salita. Binibigyang-linaw ng ibinalik na katotohanang ito ang doktrina at higit na pinagbuti ang pag-unawa sa banal na kasulatan. Ang mga piniling sipi para sa Gabay ay nararapat na makatulong na higit ninyong maunawaan ang mga banal na kasulatan anuman ang wikang ginamit sa pagsasalin nito.

Dahil sa ipinahayag ng Panginoon kay Joseph Smith ang ilang katotohanan na itinala noon ng mga orihinal na may-akda, ang Pagsasalin ni Joseph Smith ay hindi tulad ng anumang pagsasalin sa Biblia sa daigdig. Sa bagay na ito, ang salitang *pagsasalin* ay ginamit sa higit na malawak at naiibang paraan kaysa karaniwan, sapagkat ang pagsasalin ni Joseph ay higit na maituturing na paghahayag kaysa literal na pagsasalin ng wika sa wika. Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa PJS, tingnan sa "Pagsasalin ni Joseph Smith (PJS)" sa alpabetikong talaan ng mga paksa sa Gabay.

Ang sumusunod na halimbawa ay nagpapakita ng isang piniling bahagi mula sa PJS:

Ang sangguniang ito na nasusulat nang mariin ay sipi mula sa pagsasalin ni Joseph Smith sa Salin ni Haring James ng Biblia. Sapagkat ibinabalik ng kanyang pagsasalin ang kaukulang ulat sa teksto ng Biblia, ang bilang ng mga talata ay maaaring naiiba sa edisyong inyong ginagamit.

**PJS, Mateo 4:1, 5–6, 8–9** (ihambing sa Mateo 4:1, 5–6, 8–9; gayon ding mga pagbabago ang ginawa sa Lucas 4:2, 5–11)

Nasa mga panaklong ang mga sanggunian sa inyong Biblia na nararapat ninyong ihambing sa pagsasalin ni Joseph Smith.

*(Si Jesus ay inakay ng Espiritu, hindi ni Satanas.)*

Ipinaliliwanag ng paglalahad na ito kung anong doktrina ang binibigyang-linaw ni Joseph Smith sa kanyang pagsasalin.

1. Nang magkagayon ay inakay ng Espiritu si Jesus sa ilang, upang makasama ang Diyos.
5. Nang magkagayon ay dinala si Jesus sa bayang banal, at inilapag siya ng Espiritu sa taluktok ng templo.
6. Sa gayon ang diyablo ay lumapit sa kanya at nagsabi, Kung ikaw ang anak ng Diyos, magpatihulog ka: sapagkat nasusulat, Ihahabilin ka niya sa kanyang mga anghel: at aalalayan ka ng kanilang mga kamay, at baka ka matisod sa bato.
8. At muli, si Jesus ay napasa-Espiritu, at dinala siya nito sa isang bundok na lubhang mataas, at ipinamalas sa kanya ang lahat ng kaharian sa daigdig at ang kaluwalhatian nito.
9. At ang diyablo ay muling lumapit sa kanya, at nagsabi, Lahat ng ito ay ibibigay ko sa iyo, kung ikaw ay magpapatirapa at sasamba sa akin.

Ito ang teksto ng pagkakasalin ni Joseph Smith.

Sa ilang wika, ang mga scripture passage ng Pagsasalin ni Joseph Smith ay matatagpuan sa mga footnote ng Latter-day Saint edition of the Bible o sa "Related Content" sa mgadigital device.

Basahin ang mga sumusunod na passage sa Biblia, pagkatapos ay gamitin ang Pagsasalin ni Joseph Smith para matukoy ang mga inspiradong pagbabago.

Juan 1:16–18 (Pagsasalin ni Joseph Smith, Juan 1:16–19)

Juan 4:24 (Pagsasalin ni Joseph Smith, Juan 4:26)

Juan 6:44

- Ano ang itinuturo sa iyo ng mga inspiradong pagbabagong ito tungkol kay Jesucristo?
- Bakit isang pagpapala na mas maunawaan ang mga bagay na ito?

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

© 2023 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD80007812_893_153-1